Ano ang Dapat Mong Malaman

Nahatol sa 1982 kaso sa Korte Suprema ng Estados Unidos na *Plyer vs Doe* na lahat ng mga mag-aaral, anuman ang pagkamamamayan o katayuan sa imigrasyon ay mayroong karapatan sa ilalim ng konstitusyon na pumasok sa mga elementarya at sekundaryang pampublikong paaralan.

Kodigo ng Edukasyon 32210: Sinuman, na sadyang gumambala sa anumang pampublikong paaralan o anumang pagpupulong ng pampublikong paaralan ay may sala ng maliit na pagkakasala sa batas, at nararapat na parusahan sa pamamagitan ng isang multa na hindi hihigit sa $500.

Kodigo ng Edukasyon 32212: Natatag at ipinapahayag sa ilalim ng Lehislatura na ang paggambala sa oras ng pasok sa paaralan ay malubhang humahadlang sa proseso ng pagtuturo. Layunin ng Lehislatura na ang bawat namumunong lupon sa distrito ng paaralan na pormal na tugunan ang problema ng mga paggagambala sa silid-aralan at magpatupad ng isang patakaran upang mapamahalaan iyong mga paggagambalang nasabi.

Nakasaad sa patakaran ng NEA na: "Lahat ng mga bata sa Estados Unidos ay dapat na maturuan anumang ang katayuan sa imigrasyon."

Nakasaad sa patakaran ng CTA na: "Ang mga patakaran sa imigrasyon ay dapat na tumiyak sa mga karapatang pantao at protektahan ang integridad ng kabuuan ng pamilya nang walang diskriminasyon. Anuman ang katayuan sa imigrasyon ng mga mag-aaral o ng kanilang mga magulang, ang bawat mag-aaral ay may karapatan para sa libreng pampublikong edukasyon na malaya mula sa panggguglo. Ang mga paaralan ay ligtas na kanlungan at walang opisyal ng pulis o anumagn ahensya ng pederal, estado, o lokal ang makakapasok sa gusali ng paaralan at o bakuran ng paaralan para sa layunin ng interogasyon, pagtatanong, paga-aresto o paglalagay sa kustodya ng isang magulang at/o magulang maliban kung inutos ng batas."

Ang mga isyu sa imigrasyon ay maaaring kontrobesyal pero dapat mapuna sa California at sa buong bansa.

Ano Ang Magagawa ng Iyong Distrito

- Bumuo ng isang patakaran kung saan lahat ng mga mag-aaral, anuman ang pagkamamamayan o katayuan sa imigrasyon na nagparehistro para sa mga sumusunod na serbisyo at nakakatugon sa kriterya ng pederal at estado, na may karapatang makatanggap ng lahat ng mga serbisyo sa paaralan, kasama na ang libreng tanghalian o almusal, transportasyon, at mga serbisyo na may kinalaman sa edukasyon.
- Makipag-ugnayan sa ICE kapag ang mga ahente ay dumating sa bakuran ng paaralan (ang patakaran sa pagpapatupad ng imigrasyon ng Pederal ay "para tangkain na iwasan ang pangangamba ng mga tao at upang mahigpit na mapamahalaan ang mga pamamaraan ng imbestigasyon sa mga lupain ng paaralan").
- Tiyakin na ang magulang, tagapag-alaga o itinalaga ay naroroon kung ang mag-aaral ay tinatanong ng isang ahente ng pulis sa bakuran ng paaralan at:
  1. Hilingin na makita ang mga kredensyal ng ahente ng pulis at ang pahintulot o "warrant."
  2. Tanungin sa ahente ng pulis kung bakit niya nais na makipagpanayan sa mag-aaral upang matiyak na ang dahilan ay nasasaklaw sa awtoridad ng ICE:
  3. Tanungin sa ahente ng pulis kung ano ang batayan o hawak niyang katibayan na dahilan ng paghihinala biang mapangatuwiran ang pakikipagpanayam.
  4. Hikayatin ang mga ahente ng pulis na makipagpanayam sa mga mag-aaral sa labas ng oras ng pasok sa paaralan at sa labas ng bakuran ng paaralan.

CALIFORNIA TEACHERS ASSOCIATION
1705 Murchison Drive
Burlingame, CA 94010

Ang mga Raid ng ICE at ang Mga Epekto nito sa Pampublikong Edukasyon

Ginawa ng CTA Civil Rights in Education Committee

2012

Ano ang ICE at Paano Ito Nakaka-apekto sa Iyong Paaralan

Ang Immigration and Customs Enforcement (ICE) ng Estados Unidos ay isang sangay ng Deparment of Homeland Security na namamahala sa pagpapatupad ng mga batas ng customs at imigrasyon.

Ang Problema:

May makabuluhang katibayan na ang pagsasagawa ng mga raid sa lugar ng trabaho biang isang estratehiya ng pagpapatupad ng imigrasyon ay nagdudulot ng pinsala sa mga bata, paaralan at mga sentro ng pag-aalaga sa mga bata (child care). Kumakaunti ang pumapasok sa paaralan dahil may takot na nauugnay sa lokal na raid ng ICE.

Sa California:

Noong Disyembre 2007, may isang ina na sinamahan ng ahente ng ICE sa paaralan para makita niyang pumasok sa paaralan ang kaniyang anak bago samahan ito ng opisyal para matanong sa Oakland. Sa Bay Area ng San Francisco, ang mga raid ng ICE na malapit sa mga paaralan ay nagdulot ng kalituhan at pagkabahala sa mga paaralan noong Mayo 2008. Ang parehong dating Senator ng estado na si Don Perata at Alkalde Ron Delums ay sumang-ayon na kinakailangan ng batas upang matugunan ang mga ikinababahala ng mga paaralan, mag-aaral at ng mga magulang. Tinangkilik ng CTA ang AB 132 kung saan nakasaad na ang mga limitasyon na saklaw ng mga raid ng imigrasyon ay maaaring makagambala sa edukasyon ng mga mag-aaral. Hinihintay nito ang lagda ng gobernador.

Sa Iba Pang Mga Lugar:

Noong 1992, ang mga ahente ng Border Patrol ay "paulit-ulit na pinahinto, tinanong, na-detain o pinigil, kinapkapan, hinaluglog ang mga gamit o ari-arian, at inaresto nang walang dahilang legal" ang mga mag-aaral ng distrito ng paaralan ng El Paso at ang mga empleyado nito batay sa kanilang anyong Hispaniko. Isang areglo noong 2004 na may halos katulad na mga katotohanan ay nagpapakita ng posibleng mga limitasyon sa awtoridad ng ICE para sa pakikipagpanayam sa mga mag-aaral sa kampus. Sa Gonzalez ex rel. Doe v. Albuquerque Public Schools, dalawang opisyal ng pulis na natalagang magtrabaho sa mga pampublikong paaralan ng Albuquerue ay napanaratang na pinahinto at kinupkop ang dalawang batang lalaki sa kampus. Makalipas na nabigong makapagbigay ang isa sa mga batang lalaki ng ID, tinawag ng pulis ang Border Patrol, na dinakip ang isa sa mga kapatid na lalaki ng nasabing batang lalaki mula sa klase.

Ang publikasyon na ito ay nilalayon na magkaloob ng impormasyon tungkol sa ICE at kung paano ito maaaring maka-apekto sa iyong trabaho at kung ano ang iyong magagawa upang matulungan ang iyong mga mag-aaral na maramdaman na sila ay ligtas.

- Ang mga paaralan ay may pananagutan sa mga paaralan sa kanilang pag-aalaga, at dapat na magkaroon ng malay kung sino ang nasa kanilang kampus. Kung walang panganib sa kaligtasan ng publiko, dapat makipag-ugnayan sa paaralan bago dumating ang mga ahente ng ICE sa bakuran ng paaralan, at walang pangangailangan na pumasok ang mga ahente sa mga silid-aralan. ***Ito ay makakatulong sa pagtitiyak na ang mga lugar ng paaralan ay produktibo, at isang lugar kung saan mararamdaman ng mga mag-aaral na sila ay ligtas na makapag-aral at malaya mula sa takot .***
- Ang mga guro, mga yard-duty supervisor. at iba pang mga staff ng paaralan ay hindi dapat malagay sa isang posisyon kung saan kailangan nilang magpasya na maaaring makasagabal sa mga ahente ng ICE, batay sa kanilang responsibilidad na protektahan ang mga mag-aaral. Upang iwasan ang kalituhan at pagkabalisa, dapat na makipagtulungan ang principal sa mga ahente ng ICE kung kinakailangan .

Ang paaralan ay dapat na maging isang lugar kung saan mararamdaman ng mga mag-aaral na sila ay ligtas.

Ano Ang Magagawa ng Iyong Samahan

Ang mga samahan ay maaaring makipagtulugan sa mga lokal na distrito para makapagtatag ng patakaran sa raid ng ICE na kabilang ang:

- Natuklasan ng Lupon na ang pagkakaroon ng ICE ay marahil na magdulot ng paggagambala sa kanilang lugar ng pagtuturo. Samakatuwid, anumang kahilingan ng ICE na bumisita sa isang paaralan ay dapat na ipasa sa Superintendent's Office para marepaso bago makapagpasya kung papahintulutan na pumasok sa lugar.
- Lahat ng mga mag-aaral ng Distrito anuman ang pagkamamamayan o katayuan sa imigrasyon na nagparehistro para sa mga sumusunod na serbisyo at nakakatugon sa kriterya ng pederal at estado, na may karapatang makatanggap ng lahat ng mga serbisyo sa paaralan, kasama na ang libreng tanghalian o almusal, transportasyon, at mga serbisyo na may kinalaman sa edukasyon.
- Ang mga tauhan ng Distrito ay hindi dapat magtanong tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng isang mag-aaral, kasama na ang paghihiling ng mga dokumento ukol sa legal na katayuan ng mag-aaral.

Ang mga Distrito na mayroon nang patakaran para matugunan ang epekto ng mga raid ng ICE sa pampublikong edukasyon ay kinabibilangan ng:

- San Francisco Unified School District (4/07)
- Oakland Unified School District (1/08)

Ano ang Magagawa MO:

Ang mga opisyal ng distrito ng paaralan ay dapat na mag-ingat sa pagbabalanse ng mga karapatan ng mga alagad ng batas sa pagpapatupad ng kanilang mga tungkulin at ng mga karapatan ng mga mag-aaral na magkaroon ng pamamaraang makakuha ng edukasyon nang walang makabuluhang paggagambala. Kapag naharap sa isang kahilingan ng isang ahente ng ICE para makapanayam ang isang mag-aaral, ang mga empleyado ng paaralan ay dapat na humingi ng gabay mula sa mas namumuno sa kanila sa distrito ng paaralan at mula sa abogado ng distrito ng paaralan.

- Irekumenda ang lahat ng mga alagad ng batas sa district office o sa tanggapan ng principal .